Mensahe Dalawa

## Inihahanda ang Ating Sarili para sa Pagdating ng Panginoon sa pamamagitan ng Paglago sa Buhay tungo sa Paggulang

Babasahin sa Kasulatan: Heb. 6:1; Efe. 4:13; Col. 1:27-29; 4:12; Apoc. 14:1-5

**I. Sa kanyang Liham, gumagamit ni Santiago ng paglalarawan ng isang magsasakang naghihintay na may pagtitiis sa mahalagang bunga ng lupa—5:7:**

A. Ang Panginoong Hesus sa katunayan ay ang tunay na Magsasaka, ang bukod-tanging Magsasaka—Mat. 13:3.

B. Habang tayo ay naghihintay na may pagtitiis sa pagdating ng Panginoon, Siya, bilang ang tunay na Magsasaka, ay naghihintay na may pagtitiis sa ating paggulang sa buhay bilang mga unang bunga at ani ng bukid—Apoc. 14:4, 14-15.

C. Kung mananalangin tayo, "Panginoon, bumalik Kang madali," maaaring sabihin ng Panginoon, "Habang naghihintay ka sa Aking pagbabalik, Ako ay naghihintay sa iyong paggulang; tanging ang iyong paggulang ang magpapabilis sa Aking pagbabalik."

D. Malaking tulong sa atin na matanto na kung tayo ay seryoso hinggil sa paghihintay sa pagbabalik ng Panginoon, kailangan nating lumago sa buhay tungo sa paggulang.

**II. Ang gumulang ay ang naihubog si Kristo sa loob natin—Gal. 4:19:**

A. Si Kristo ay isinilang sa loob natin nang tayo ay sumampalataya tungo sa Kanya (Juan 3:6, 15-16), Siya ay nabubuhay sa loob natin sa ating buhay Kristyano (Gal. 2:20b), at Siya ay maihuhubog sa loob natin sa ating paggulang (4:19):

1. Ang huling yugto ng transpormasyon ay ang paggulang, ang kapuspusan ng buhay:
   a. Ang walang hanggang layunin ng Diyos ay maisasagawa lamang sa pamamagitan ng ating transpormasyon at paggulang—Gen. 1:26; Col. 1:28; 2:19; 4:12.
   b. Ang paggulang ay isang bagay ng dibinong buhay na paulit-ulit na naipapamahagi sa atin hanggang magkaroon tayo ng kapuspusan ng buhay —Juan 10:10b.
2. Ang paggulang ay isang bagay ng paglawak ng kapasidad—Aw. 4:1:
   a. Ang paggulang sa buhay ay ang sumatotal ng pagtanggap sa pagdisiplina ng Espiritu Santo—Heb. 12:5-11.
   b. Maaaring makita ng iba ang isang taong gumulang sa buhay, subalit hindi nila makita ang naipong pagdidisiplina ng Espirtu Santo na sikretong natanggap ng taong iyon araw araw sa itinagal ng mga panahon—2 Cor. 1:8-10; Gen. 47:7, 10.
3. Soberanong gagamitin ng Diyos ang mga tao, mga bagay, at mga kaganapan upang basyuhin tayo sa lahat ng bagay na pumupuno sa atin at upang alisin ang bawat umuokupa upang magkaroon tayo ng napalaking kapasidad upang mapunuan ng Diyos—Luc. 1:53; Mat. 5:6.

B. Kailangan ang Kristong naihubog sa loob natin upang tayo ay gumulang sa dibinong pagkaanak at maging mga anak na lubos na gumulang—Gal. 4:4-5; Roma 8:15; Efe. 1:5:

1. Simula sa ating pagkasilang na muli, ang Panginoon ay gumagawa sa loob natin upang mataglay natin ang Kanyang larawan—b. 18; Roma 8:29.

2. Kapag lubusang naisagawa ng Panginoon ang Kanyang larawan tungo sa atin at lubusang naihahayag sa pamamagitan natin, tayo ay gugulang sa buhay—Efe. 3:16-17.

C. Gaya ng paggamit sa Bagong Tipan, ang salitang *gumulang* ay tumutukoy sa pagiging lubusang lumago, gumulang, at napasakdal ng mga mananampalataya sa buhay ng Diyos, na kanilang natanggap sa panahon ng pagsilang na muli:

1. Hindi tayo dapat makuntento sa ating mga sarili bagkus maghabol sa paglago at paggulang sa buhay ni Kristo; kailangan nating magpatuloy, upang madala, tungo sa paggulang sa pamamagitan ng paglimot sa mga bagay na nasa likuran at tinutungo ang mga bagay na nasa harapan, naghahabol sa lubusang pagtatamasa at pagtatamo kay Kristo para sa sukdulang pagtatamasa kay Kristo sa milenyong kaharian—Fil. 3:12-15.
2. Ang paunang kahilingan para sa paggulang sa espirituwal na buhay ay ang patuloy na paglago sa dibinong buhay—Efe. 4:15.
3. Ang sukdulang kinalabasan ng paglago at paggulang ng mga mananampalataya sa buhay ni Kristo ay ang lubos na gumulang na tao—ang ekklesia bilang ang Katawan ni Kristo na lumalago tungo sa gumulang na tao—b. 13.

**III. Ang gol ng ministeryo ni Pablo ay ang itanghal ang bawat tao na gumulang, lubusang lumago, kay Kristo para sa isang bagong tao—Col. 1:28-29; 3:10-11:**

A. Ang Griyegong salitang sinaling *lubusang lumago* sa 1:28 ay maisasalin ding "*sakdal*," "*kumpleto*," o "*gumulang*."

B. Ang mnisteryo ni Pablo ay ang ipamahagi si Kristo tungo sa iba upang sila ay maging sakdal at kumpleto sa pamamagitan ng paggulang kay Kristo tungo sa lubusang paglago—Efe. 4:13.

C. Lalo tayong pumapasok kay Kristo, lalo Siyang pumapasok sa atin, at lalo Siyang pumapasok sa atin, lalo tayong pumapasok sa Kanya; sa pamamagitan ng ganitong pag-ikot ay lumalago tayo sa buhay—Col. 1:27-28.

D. Ang ating gol sa pagpapahayag ng ebanghelyo sa mga makasalanan at sa pagsasalamuha sa mga banal ay ang ihain si Kristo tungo sa kanila upang sila ay gumulang sa buhay at maitanghal na lubusang lumago sa Kanya—3:10-11; Efe. 4:13-14.

**IV. Upang maging handa para sa raptuyr kailangan natin ang paggulang sa buhay—Mat. 24:40-41:**

A. Ang raptyur ay ang sukdulang hakbang ng ganap na pagliligtas ng Diyos sa buhay—ang pagbabagong anyo, ang pagtutubos, ng ating katawan—Roma 5:10; 8:23; Fil. 3:21:

1. Dahil sa kahilingan ng dibinong buhay na ating tinanggap at dahil sa tindi ng ating pag-ibig sa Panginoon, ninanais nating habulin ang buhay na naghihintay sa pagdating ng Panginoon—1 Tes. 1:10; 2:19; 3:13; 4:15; 5:23.
2. Habang iniibig natin ang Panginoon at naghihintay sa Kanyang pagdating, umaasa tayong maraptyur tungo sa presensya ng Panginoon—Mat. 24:40-41; Luc. 17:31-36; 21:36.

B. Ang gumulang ay hindi isang magdamagang bagay; para sa pagdating ng Panginoon kailangan nating ihanda ang ating sarili, ibigin Siya, at lumago sa Kanya upang sa Kanyang pagpapakita tayo ay gumulang upang maraptyur—Apoc. 14:1-5.

C. Ang mga tanda ng paggulang ay kinapapalooban ng mga sumusunod—Heb. 6:1:

1. Pagiging napupunuan ng dibinong buhay na nagbabago sa atin—Efe. 3:19.
2. Naghahari sa buhay—Roma 5:17.
3. Makakakain ng solidong pagkain—Heb. 5:12-13.
4. Lubusang lumago sa pang-unawa—1 Cor. 14:20.
5. Pagiging sakdal kung paanong ang ating makalangit na Ama ay sakdal—Mat. 5:48.
6. Nakikita ang Katawan, nakikilala ang Katawan, namumuhay sa Katawan at para sa Katawan, nangangalaga para sa Katawan, at pinararangalan ang Katawan—Efe. 4:13-16.

*© 2020 Living Stream Ministry*